



Mga Madalas Itanong para sa Mga Attendee ng Outdoor na Pagtitipon na Nakabatay sa Pananampalataya

Na-update noong Agosto 17, 2020

Na-update ang dokumentong ito upang maipakita ang mga bagong kinakailangan sa pantakip sa mukha para sa mga bata.

Ang sumusunod na gabay ay binuo ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco para sa paggamit ng mga lokal na pasilidad, at ipo-post ito sa www.sfcddcp.org. Maaaring magbago ang pansamantalang gabay na ito kasabay ng pagbabago ng kaalaman, transmisyon sa komunidad, pagiging available ng Personal na Pamprotektang Kagamitan (Personal Protective Equipment, PPE), at pagsusuri.

AUDIENCE: Mga attendee na nagpaplano ng dumalo sa isang maliit na pagtitipon na nakabatay sa pananampalataya.


Buod ng Mahahalagang Punto

- Lubos na inirerekomenda ng Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco na eksklusibong isagawa ang mga pagtitipon online.
- Ang mga outdoor na pagtitipon na nakabatay sa pananampalataya lang ang kasalukuyang pinapayagan. Walang indoor na serbisyo o seremonya ang isasagawa sa mga lugar ng pagsamba o iba pang pasilidad.
- Kasalukuyang pinaghihigpitan ang outdoor na pagdalo sa hindi lalampas sa 12 attendee, kasama ang mga tauhan, anumang oras.
- Dapat sundin ng mga outdoor na pagtitipon na nakabatay sa pananampalataya ang parehong kasalukuyang gabay na ginagamit para sa lahat ng mga outdoor na pagtitipon: www.sfdph.org/dph/alerts/covid-guidance/Gatherings-Tips.pdf

Mga Madalas Itanong

Ilang tao ang maaaring dumalo sa isang outdoor na pagtitipon?

- Katanggap-tanggap na magkaroon ng 12 attendee, kabilang ang mga tauhan, nang outdoor para sa isang pagtitipon. Ito ang pinakaligtas, at ang tanging pinapayagan sa kasalukuyan, na personal na paraan ng pagdalo sa isang pagtitipon na nakabatay sa pananampalataya.
- Upang mabawasan hangga't maaari ang panganib ng COVID-19, lubos na inirerekomendang dumalo ang mga tao sa remote na paraan kung posible.
- Kung isa ka sa mga taong nasa malaking panganib (may edad na mahigit 60 o may pangmatagalang medikal na kundisyon), dapat mong maingat na isaalang-alang ang mga banta sa iyong kalusugan bago ka magpasyang makibahagi.
- Huwag dumalo kung masama ang pakiramdam mo o kung nakakaranas ka ng isa sa mga sumusunod na sintomas: lagnat, panlalamig, paulit-ulit na panginig, ubo, pananakit ng lalamunan, pangangapos ng hininga, hirap sa paghinga, hindi pangkaraniwang panghihina o pagkahapo, bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy, pananakit ng kalamnan, pananakit ng ulo, sipon o baradong ilong, o pagtatae.



Paano ako dapat maghanda upang maprotektahan ang aking sarili at ang mga miyembro ng aking sambahayan at iba pang tao?

- Dapat kang magdala ng mga pantakip sa mukha para sa bawat miyembro ng iyong sambahayan maliban para sa mga sumusunod:
 - Ang mga batang wala pang 2 taong gulang ay hindi dapat magsuot ng pantakip sa mukha
 - Ang mga batang 2-9 na taong gulang ay dapat magsuot ng pantakip sa mukha kung maaari
 - Ang mga attendee na mayroong nakasulat na pagbubukod mula sa pagsusuot ng pantakip sa mukha na mula sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan ay hindi kailangang magsuot ng pantakip sa mukha
- Magdala ng anumang pangseremonyang damit, aklat o iba pang bagay upang maiwasan ang pagpapahiram ng mga item na ito sa iba pang attendee sa pagtitipon.
- Magdala ng hand sanitizer na magagamit bago at pagkatapos maghawak ng kahit ano, gaya ng mga pinto, iba pang surface, at mga gamit sa seremonya.
- Kung magbibigay ng donasyon o bayad, gawin ito sa remote na paraan online o ipadala sa koreo ang iyong donasyon o bayad, sa halip na magbigay ng cash o tseke sa isang item o lugar para sa koleksyon.

Ano ang maaasahan ko pagdating sa isang outdoor na pagtitipon na nakabatay sa pananampalataya?


- Posibleng tanungin ka tungkol sa pagkakaroon ng mga sintomas ng COVID-19 at/o i-screen para sa lagnat bago ka pumasok sa pasilidad. Kung mayroon kang anumang sintomas o lagnat, hindi ka papayagang pumasok sa pasilidad.
- Hihingin sa iyong sumunod sa patakaran kaugnay ng pagdistansya ng iyong sarili at ng mga miyembro ng iyong sambahayan nang hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa iba pang attendee at mga tauhan sa lahat ng oras kapag umuupo, tumatayo, o naglalakad.
- Posibleng makita mong para lang sa one-way na pagdaan ang mga aisle upang matiyak ang pagkakaroon ng social distancing.
- Hindi ka dapat bumati sa ibang tao sa pamamagitan ng mga paghalik, pagyakap, pagyapos o pakikipagkamay dahil sa panganib ng pagkahawa sa COVID-19.

Alin sa mga nakagawian kong routine ang posibleng magbago upang maprotektahan ang lahat mula sa pagkahawa sa COVID-19?

- Hindi mo dapat hawakan ang mga bagay na hinawakan ng ibang attendee maliban sa mga bagay na dinala mo para sa mga kapamilyang kasama mo sa bahay. Kabilang dito ang anumang pantakip sa ulo, iba pang uri ng damit, mga relihiyosong bagay o mga kagamitan para sa pagkain o pag-inom.
- Dapat ay walang pagkanta o pagsigaw. Malinaw na napapataas ng pagkanta o pagsigaw ang panganib ng pagkahawa sa COVID-19. Sa Washington State, 87% ng choir ang nahawahan ng COVID-19 pagkatapos ng isang session ng pagkanta nang magkakasama.
- Gaya ng nabanggit sa itaas, huwag magbigay ng mga donasyon sa pasilidad sa pamamagitan ng paglalagay ng pera o mga tseke sa isang lalagyan. Magbayad sa pamamagitan ng elektronikong paraan o sa pamamagitan ng koreo.

Maaari ba kaming kumain o uminom sa serbisyo?

- Hindi pinapayagan ang self-service na pagkain, mga potluck, o magkakaharap na pagkain at



inuman. Sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga sitwasyong ito, maaari mong maiwasan ang panganib ng cross contamination.

- Kung kinakailangan ang pagkain o pag-inom, bilang bahagi ng isang seremonyang nakabatay sa pananampalataya, dapat itong gawin sa paraang makakabawas hangga't maaari sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao, lalo na pag kinasasangkutan ang mga kamay at bibig.
- Hindi dapat ipahiram ang mga baso, tasa, at mga kubyertos. Kung ipapahiram ang mga ito, dapat na i-disinfect ang baso, tasa, o kubyertos sa pagitan ng bawat paggamit at dapat na linisin ang mga kamay ng gumagamit sa pamamagitan ng naaangkop na paghuhugas ng kamay o paggamit ng hand sanitizer.

Magiging kasingtagal pa rin ba ng karaniwan ang aking mga serbisyo? Maaari ba kaming magtipon-tipon at makipag-socialize pagkatapos ng event?

- Posibleng mas umikli ang iyong mga serbisyo kumpara sa karaniwan upang mabawasan hangga't maaari ang panganib ng pagkahawa sa COVID-19.
- Dapat mong lisanin kaagad ang pagtitipon kapag tapos na ang serbisyo.

Mga Resource

Tip Sheet and Frequently Asked Questions: Small Outdoor Gatherings (Sheet ng Tip at Mga Madalas Itanong: Maliliit na Outdoor na Pagtitipon)

www.sfdph.org/dph/alerts/covid-guidance/Gatherings-Tips.pdf

Mga Mask at Pantakip sa Mukha para sa Coronavirus Pandemic (Masks and Face Coverings for the Coronavirus Pandemic)

<https://sf.gov/information/masks-and-face-coverings-coronavirus-pandemic>

Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH)

- Makikita ang Impormasyon at Gabay para sa publiko sa www.sfcdcp.org/covid19
- Naka-post ang mga tip para sa [Mga Mas Ligtas na Social Interaction](http://www.sfcdcp.org/safersocial) sa www.sfcdcp.org/safersocial

Centers for Disease Control and Prevention (CDC): Interim Guidance for Communities of Faith (Pansamantalang Gabay para sa Mga Komunidad ng Pananampalataya)

www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/faith-based.html

California Department of Public Health: Places of Worship and Providers of Religious Services and Cultural Ceremonies (Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California: Mga Lugar ng Pagsamba at Mga Provider ng Mga Panrelihiyong Serbisyo at Kultural na Seremonya)

<https://files.covid19.ca.gov/pdf/guidance-places-of-worship.pdf>